PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 4, Issue 1 (2025)

# E-Buksan: an alternative teaching tool for literature instruction in grade 9 at a national high school

**Joseth C. Abiog**
Alawihao National High School
Department of Education Division of Camarines Norte, Philippines
Email: joseth.abiog@deped.gov.ph

**Abstract:** This study aims to highlight the creation of an alternative teaching tool for literature instruction for Grade 9 students at Alawihao National High School. The need for creative and innovative approaches to teaching literature has paved the way for this research. This study seeks to provide solutions to challenges related to the study of e-learning materials that can aid in the teaching of literature in Grade 9. Its objectives include examining the platforms, design, and content of these e-learning materials, determining their level of importance as learning aids, and identifying methods to improve these educational tools. The study focuses on Grade 9 students at Alawihao National High School and employs a descriptive research method. According to Voxco (2021), this type of research describes the characteristics of a population. It gathers data that can be used to answer a broad range of "what," "where," and "how" questions concerning a specific population or group. This method is often used to develop hypotheses, which are then subjected to quantitative analysis. The study utilized this method in formulating hypotheses that helped address the research problem. Findings revealed that students frequently use mobile phones as their primary research tool. Their preferred platform is websites, and they mainly search for content related to literature in the Filipino subject. Most respondents stated that e-learning materials are beneficial to their studies. As a conclusion, the study confirmed the acceptance of the developed e-learning material in the form of a website. Therefore, it was proven that developing such tools is valuable as an outcome of the study. The researcher recommends further studies on the use of other e-learning materials as alternative teaching tools for literature instruction.

# E-buksan: alternatibong kagamitan sa pagtuturo ng panitikan sa ika-9 na baitang ng isang National High School

Abstrak: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng pansin sa paglikha ng isang alternatibong kagamitan sa pagtuturo ng panitikan para sa mga mag-aaral ng ika-9 na baitang sa Alawihao National High School. Ang pangangailangan para sa malikhain at makabagong paraan ng pagtuturo ng panitikan ay nagbibigay daan sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong magbigay ng solusyon sa mga suliranin na kaugnay ng pag-aaral ng mga e-kagamitang pampagkatutong makakatulong sa pag-aaral ng panitikan sa baitang 9. Layunin nito na suriin ang mga platform, disenyo, at nilalaman ng mga e-kagamitang ito, malaman ang antas ng kahalagahan ng mga ito bilang mga tulong sa pag-aaral, at matukoy ang mga pamamaraan upang mapabuti ang mga e-kagamitang pampagkatutong ito. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral ng baitang 9 ng Alawihao National High School. Ang metodo ng pananaliksik ay deskriptibo. Ayon sa Voxco (2021), ito ay uri ng pananaliksik na naglalarawan ng mga katangian ng isang populasyon. Ito ay nagkakalap ng datos na magagamit upang masagot ang malawak na lupon ng mga katanungang ano, saan, at paano patungkol partikular sa isang populasyon o grupo. Ito ay kadalasang ginagamit upang makabuo ng hypothesis at sasailalim sa pag-aanalisang quantitative. Ang metodong ito ay ginamit ng pananaliksik sa pagbuo ng hypothesis na nakatulong upang masagot ang suliranin ng pananaliksik. Natuklasan na ang mga mag-aaral ay madalas gumamit ng cellphone bilang kanilang kagamitan sa pananaliksik. Ang platform na kanilang pinipili ay website, at ang nilalaman na kanilang hinahanap ay tungkol sa paksang panitikan sa asignaturang Filipino. Ang karamihan ng mga respondente ay nagpahayag na nakatutulong sa kanilang pag-aaral ang mga e-kagamitan. Bilang konklusyon ng pananaliksik, napatunayan ang pagtanggap sa binuong e-kagamitan sa anyong website. Dahil dito, napatunayan na may kahalagahan ang pagbuo ng mga ito bilang output ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay nagmungkahi na isagawa ang pag-aaral sa paggamit ng iba pang mga e-kagamitang pantulong bilang alternatibong kagamitan sa pagtuturo ng panitikan.

Mga Susing Salita**:** Website, E-kagamitang pantulong, Panitikan

Date Submitted: January 31, 2025
Date Accepted: March 2, 2025
Date Published: April 3, 2025

## PANIMULA

Ang edukasyon ay isang pangunahing sangkap sa pag-unlad ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, natutugunan ang pangangailangan ng indibidwal na maging kritikal na nag-iisip, malikhaing tagapag-ugnay, at produktibong mamamayan. Isa sa mga mahahalagang bahagi ng sistema ng edukasyon ay ang pagtuturo ng panitikan, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maunawaan ang kasaysayan, kultura, at wika ng kanilang bansa. Sa kasalukuyang panahon, nababago na ang mga paraan ng pagtuturo ng panitikan sa mga paaralan. Isa sa mga alternatibong kagamitang panturo na lumalaganap ay ang paggamit ng e-learning. Ang e-learning ay mga audio-visual na materyales na nagpapakita ng mga kahalintulad na aktwal na karanasan, kuwento, at paglalahad ng mga aralin. Ito ay nagbibigay ng mga visual na sangkap at iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral. Mabilis ang pag-unlad ng elektronikong pagkatuto o e-learning sa nakaraang dekada dahil na rin sa epektibong paghahatid ng pinagsamang kakayahan ng internet at edukasyon ng mga bagong kaalaman at kasanayan (Koksal, 2020).

Ito ay isang alternatibong paraan ng pagkatuto na gumagamit ng internet. Kadalasan itong ginagamit bilang isang blended learning technique na pantulong sa pag-aaral. Madali itong iakses at malaking tulong sa mga mag-aaral na walang oras na pumunta pa sa silid-aklatan upang manaliksik. Mahalagang papel ang ginampanan ng kagamitang pagkatutong ito sa panahon ng pandemya. Ibinibigay nito ang mga pangangailangan ng edukasyon sa gitna ng pandemya. Ito ay tulong sa mga paaralan at unibersidad na mapabilis ang pagkatuto ng mag-aaral sa pagsara ng mga unibersidad at paaralan (Subedi et al., 2020). Bagama't malaking tulong ang internet, hindi pa rin ito sapat upang matugunan ang mga pangangailangang pang-

edukasyon. Sa panahon ng mas pinadaling akses sa impormasyon, naging malinaw sa akademya ang kasalatan ng materyal ng pagkatuto sa iba't-ibang disiplina, lalong higit sa panitikan. Kakaunti, kulang, at kung minsan pa'y halos walang masaliksik na impormasyon ang mga aralin sa panitikan na makikita sa internet. Matagal nang inilimbag ang ilan kaya't luma na ang mga impormasyong nakasaad, ang iba nama'y hindi wasto ang nakalagay, ang natitira'y nakapost sa di mapagkakatiwalaang website. Mayroong ding mga akda na nakalagay sa mga website na may karampatang bayad kaya't hindi nagiging bukas ang akses sa karamihan sa mga mag-aaral.

Ang pagtuturo ng panitikan ay marapat na may mga pamamaraan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ika-21 siglong mag aaral. Ngunit ito ay hindi makamit dahil sa kakulangan sa mga kagamitang pagkatuto. Saad pa ni Rizal (2017) sa blogsite ng Philippine Basic Education, tanging libro lamang ang madalas na mapagkukunang impormasyon ng mga mag-aaral sa paglabas nila ng paaralan na makakasama ng mga ito buong araw at buong linggo. Malinaw itong repleksyon ng kasalatan sa mga edukasyunal na materyal. Ang mapait pa'y, nangangahulugan itong limitasyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral na Pilipino. Ang pananaliksik na ito ay nabuo sa pag aaral ng "E-buksan: Alternatibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Ika-9 na Baitang ng Alawihao National High School".

*Layunin ng pag-aaral*

Layunin ng pag-aaral na ito na:

1) matukoy ang e-kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa pag-aaral ng Panitikan kabilang na ang platform nito, disenyo, at ang nilalaman nito;

2) makabuo at mapaunlad ng isang e-kagamitang pantulong na naglalaman ng mga aralin sa Panitikan na malayang magagamit; at

3) makapagbibigay ng mga karagdagang kaalaman sa pag-aaral.

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo, partikular ang thematic analysis upang suriin ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI-powered writing tools. Ginagamit ang Technology Acceptance Model (TAM) bilang teoretikal na balangkas upang maunawaan ang kanilang pagtanggap at paggamit ng teknolohiyang ito.

*Lokal ng pag-aaral at mga kalahok*

Ang pananaliksik ay isinagawa sa isang pamantasan kung saan ang mga kalahok ay binubuo ng mga mag-aaral sa kolehiyo na may karanasan sa paggamit ng AI-powered writing tools. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling, na nangangahulugang ang mga estudyanteng may direktang karanasan sa AI ay mas pinili para sa pag-aaral.

*Paraan ng pangangalap ng datos*

Ginamit ang mga panayam bilang pangunahing pamamaraan ng pangangalap ng datos. Isinagawa ang semi-structured interviews upang makuha ang mas malalim na pananaw ng mga estudyante tungkol sa kanilang karanasan at pagtanggap sa AI-powered writing tools. Ang mga panayam ay itinala at isinalin sa teksto bago sumailalim sa pagsusuri gamit ang thematic analysis.

*Istadistikal na pamamaraan*

Dahil ang pag-aaral ay gumagamit ng kwalitatibong metodolohiya, hindi ginamit ang mga estadistikal na pagsusuri. Sa halip, ang thematic analysis ang pangunahing paraan ng pagsusuri

kung saan ang mga sagot ng mga kalahok ay pinagsama-sama, inorganisa, at sinuri upang makabuo ng mga tema na naglalarawan sa kanilang karanasan at pananaw sa AI-powered writing tools.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### *Bilang ng mga nahihirapan at di nahihirapang Mag-aaral sa mga akdang pampanitikan*

Batay sa datos na nakalap, makikita sa pigura 1 na ang mga nahihirapang mag aaral sa mga akdang pampanitikan ay may bilang na 92 (54.76%), samantalang 66 (45.24%) ang bilang ng mga mag-aaral na hindi nahihirapan mula sa sa kabuoang 168 na respondente. Samakatuwid ito ay nagpapakita na karamihan sa mga mag aaral ay nahihirapan sa akdang pampanitikan. Maraming mga balakid ang nakaaapekto sa kanilang pag-aanalisa o pagsusuri sa mga akdang pampanitikan, kaya nga napakalaking tulong ng guro, magulang, kaibigan at nang kapwa sa pagbibigay gabay sa pag-aaral ng mag-aaral. Ayon kay Pajarillo (2010), ang kagamitang pampagtuturo ay bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, kaalaman, palagay, pang-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, daynamiko.

### *Bilang ng mga mag-aaral na naniniwalang makatutulong E-alternatibong kagamitan sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan*

Batay sa datos ang bilang ng mga mag-aaral na sumagot sa tanong na Makatutulong ba ang pagbuo ng E-alternatibong kagamitan sa pag- aaral ng mga akdang pampanitikan. May bilang na 166 (98.81%) na malaki ang maitutulong nito sa pag-aaral ng panitikan samantalang may bilang na 2 (1.19%) ang nagsabi na hindi. Ipinapakita nito na maraming mag-aaral ang naniniwala na malaki ang tulong na maibibigay ng E-alternatibong kagamitan sa pag-aaral ng panitikan sa baitang 9. Pangunahing layunin ng teorya ng E-learning nila Mayers, Moreno, at Sweller ang paggamit at pagdisenyo ng mga teknolohiya upang lumikha ng mga bagong pagkakataon sa mga mag-aaral upang itaguyod ang epektibong pagkatuto.

### *Bilang ng mag-aaral na pamilyar sa mga E-kagamitang pampagkatuto*

Batay sa datos ang bilang ng mga mag-aaral na sumagot sa tanong na sila ba ay pamilyar sa mga E-kagamitang pampagkatuto ay 158 (94.05%) para sa sagot na Oo at 10 (5.95%) ang hindi. Batay sa resultang ito makikita na marami sa bilang ng mag-aaral na pamilyar sa iba't ibang E-kagamitan tulad ng audio-book, website, infographic materials at mobile application. Sapagkat ang mga e-kagamitang pampagkatuto ay bahagi na ng sistema sa pag-aaral ng mga mag-aaral dahil nagkakaroon sila rito ng akses sa mga paksang aralin na kanilang pinag-aaralan. Natututo sila ng mga bagong kaalaman na hindi nila natatagpuan sa mga tradisyunal na aklat ng mga paaralan. Dahil na rin sa dulot ng pandemya, naging katuwang ito sa paghahatid ng kaalaman na matatagpuan sa mga online platform na ito.

### *Elektronikong kagamitan na nais gamitin ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa panitikan*

Batay sa datos, lumabas na mayroong pinakamataas na bilang ang may nais na gumamit ng websites na nakakuha ng 151 (89.28%) na bilang ng mga kasagutan mula sa mga mag-aaral.Samantala, wala naman sumagot sa infographic materials. Samakatuwid, maraming mag-aaral na mas epektibong gamitin ang website sa pag-aaral ng panitikan. Ang pagtangkilik sa

paggamit ng mga website bilang isang kagamitang pantulong ay mayroong lohikal na dahilan. Ipinaliwanag ni Gonzales (2020) na ang sentro ng paggamit at pagbuo ng mga e-kagamitang pantulong tulad ng website ay dahil sa kagustuhan ng mga mag-aaral na mapalawig at mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan. Dito na ang mga mag-aaral naghahanap ng mga paliwanag, halimbawa, pati ng pagkumpira kung tama ba ang kanilang ideya tungkol sa iba't ibang paksa. Bahagi na ito ng isang modernong klasrum at ng mga modernong mga mag-aaral ng ika-21 siglo. Sa pag-aaral ni Gime (2021), ipinahayag niya ang kahalagahan ng paggamit ng mga kagamitang pantulong sa mga mag-aaral. Aniya, ang paggamit ng mga kagamitang ito ay malaking tulong sa pag-unlad ng mga mag-aaral bilang indibidwal. Ito ay sapagkat ibinibigay ang responsibilidad ng pagkatuto sa kamay ng mga mag-aaral sa sarili nilang paraan. Mayroong kanya-kanyang layunin ang mga binuong ekagamitan. At sa E-buksan website ng pananaliksik na ito, iniayon ang mga nilalaman sa kagustuhan ng mga mag-aaral bilang pagbibigay sa kanila ng pagtitiwala na matuto sa sarili nilang pagsisikap. Sapagkat kapag gusto at kailangan ng mga mag-aaral ang kanilang pinag-aaralan, mas nahihikayat silang mag-aral at pagbutihin ito.

*Mga piniling E-Alternatibong kagamitan na makakatulong sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan*

Makikita sa resulta na ang website ang pinakamataas na pinili ng mga mag-aaral na maaaring gamiting E-alternatibong kagamitan na makakatulong sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan. Sa kabuoang bilang na 168 na respondente 144 (85.71%) ang bilang ng sumagot na website ang nais nilang e-kagamitan.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ito ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa akdang pampanitikan. Samantalang maraming mag aaral ang naniniwala na malaki ang tulong na maibibigay ng E-alternatibong kagamitan sa pag-aaral ng panitikan sa baitang 9. Ipinapakita rin nito na marami sa bilang ng mag-aaral na pamilyar sa iba't ibang E-kagamitan tulad ng audio-book, website, infographic materials at mobile application. Ngunit mas maraming mag-aaral ang naniniwala na mas epektibong gamitin ang website sa pag-aaral ng panitikan at kung sakaling bubuo ng isang E-kagamitang pampagkatuto lumabas sa resulta ng pananalaiksik na ito na mas nais nilang gamitin ang website bilang alternatibong kagamitan sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan.

Batay rin sa pag-aaral na ito, inirerekomenda ng mananaliksik na bigyang tuon ng mga guro ang paggamit ng mga E-kagamitang pagkatuto sa pag-aaral ng akdang pampanitkan. Samantalang nararapat ring maglaan ang mga mag-aaral ng oras sa paggamit ng mga kagamitang ito upang makatulong sa kanilang pag-aaral ng mga akdang pampanitkan. Inirerekomenda rin ng pag-aaral na ito ang pagbuo ng website bilang isang E-kagamitang pampagkatuto dahil ito ang mas pipiliin ng mga mag-aaral. Sa mga susunod na pag-aaral, maaaring magpokus ang mga mananaliksik sa pagtukoy ng salik, epekto, at lebel ng pagtanggap sa paggamit ng mga E-kagamitang pampagkatuto sa pag-aaral ng akdang pampanitikan.

## MGA SANGGUNIAN

Balle, S., Petersen, A., & Nortvig, A. (2018). A literature review of the factors influencing e-learning and blended learning in relation to learning outcome, student satisfaction, and engagement. Electronic Journal of e-Learning, 16(1). Retrieved August 27, 2022, from https://www.ejel.org

Castillo, G. H. D., & Abagon, B. S. (n.d.). Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, taong panuruan 2020-2021.

Creswell, J. W. (1994). Research design: Qualitative & quantitative approaches. Sage Publications.

Crossman, A. (2020). What you need to understand about purposive sampling. ThoughtCo. Retrieved from https://www.thoughtco.com/purposive-sampling-3026727

Descriptive research: Definition, types, and examples. (2021, August 19). Voxco. Retrieved from https://www.voxco.com/blog/descriptive-research

Gonzales. (2020, August 28). The best online platforms in the Philippines. Daydreaming in Paradise. Retrieved August 31, 2022, from https://daydreaminginparadise.com/the-best-online-learning-platforms-in-the-philippines/

Määttä, K., & Uusiautti, S. (2012). How to enhance the smoothness of university students' study paths. International Journal of Research Studies in Education, 1(1), 47–60.

Simkus, J. (2022). Quota sampling: Definition, method, and examples. Simply Psychology. Retrieved from https://www.simplypsychology.org/quota-sampling.html

Teachmint. (n.d.). Instructional theory. Retrieved September 12, 2022, from https://www.teachmint.com/glossary/i/instructional-theory-2/

Time. (2021, March). Ang transaksyunal na modelo sa paglikha ng modyul sa Senior High School sa panahon ng K-12 Kurikulum. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 10(1). Retrieved September 5, 2022, from https://www.researchgate.net